

Wikang Filipino sa Panahon ng Pandemya: Pagsipat sa Kalagayang Pampagtuturo at Pampagkatuto

Dr. Alvin R. De Mesa
Leyte Normal University
ar_demesa@ymail.com

Asia Pacific Journal of
Management and
Sustainable Development
Vol. 10, No. 3, pp. 75-86
September 2022
Lumina Special Issue
ISSN 2782-8557 (Print)

Date Received: November 10, 2021; Date Revised: January 24, 2022

Abstak – Nilayon sa pag-aaral na ito na matukoy ang kalagayan ng pagtuturo at pagkatuto sa asignaturang Filipino sa panahon ng pandemya. Sa pamamagitan ng dulog penominolohikal, ginamit ang palarawang kuwalitatibong disenyo ng pananaliksik kung saan natukoy ang mga karanasan ng sampung (10) guro at labing-anim (16) na mag-aaral na nasa pampublikong paaralan ng Senior High School (SHS) sa probinsiya ng Leyte at Samar ng Rehiyon 8. Napili ang mga kalahok ayon sa kanilang kakayahan na walang pag-aalinlangan na tumugon ng mga kailangang impormasyon kaugnay sa pag-aaral. Samantala, guided interview ang ginamit sa pagkuha ng impormasyon sa mga kalahok kung saan pinasuri muna sa mga gurong hindi kabilang sa isinagawang pag-aaral para sa katumpakan at kapaniwalaan nito. Isinagawa ang in-depth interview sa pamamagitan ng Google Meet at iba-ibang platform gaya ng Facebook, messenger, at emails para sa iba pang kaparaanan ng pagkalap ng mga datos. Batay sa resulta, napag-alaman mula sa mga kalahok na guro at mag-aaral ang kalagayan ng asignaturang Filipino sa panahon ng pandemya kung saan ito ay bumaba ang halaga dahil ang target na wika ay hindi isinasaalang-alang sa talakayan sa klase gayundin ang pagtuturo ng mga guro at ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Dagdag pa, napatunayan na ang implikasyon sa pagtuturo at pagkatuto sa asignaturang Filipino sa panahon ng pandemya ay naging maluwag ang paggamit ng ibang wika, binigyan ng kalayaan ang paggamit ng magkahalong wika, at nasanay ang mga guro at mag-aaral sa paggamit ng ibang wika.

Mga Susing Salita: implikasyon, kalagayan, pagkatuto, pagtuturo, panahon ng pandemya

PANIMULA

Edukasyon ang labis na naapektuhan sa pananalasa ng Covid-19 na dahilan upang sipatin sa pag-aaral na ito ang kalagayang pampagtuturo at pampagkatuto partikular na sa asignaturang Filipino sa panahon na kinakaharap ng mamamayan hindi lamang sa Pilipinas maging sa buong mundo, ang suliraning pangkalusugan. Pinaniniwalaan na biyaya ang makakuha ng mga kaalaman o impormasyon sa pamamagitan ng mga itinuturo ng mga guro na dahilan upang matutuhan ng mga mag-aaral ang mga karununganang dapat matamo. Sa hindi inaasahan, naranasan ng buong mundo ang napakalaking hamon ng pandemya sa kalusugan sa pang-araw-araw na pamumuhay ng bawat tao. Kung saan, pinakaapektado nito ay ang pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral na parehong apektado sa panahon na nananalasa ang *virus*.

Sa kabila ng hamon na kinaharap ng bawat mamamayang Pilipino, sinikap ng pamahalaan na manatili ang pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa elementarya, sekundarya, at sa

tersiyarya. Dahil dito, agad na ginawa ng pamahalaan ang mabilisang pagpapakalat ng mga impormasyon kaugnay sa kung paano maiiwasan ang *virus* para mapanatiling ligtas at maiwasan ang pagkapit nito sa katawan ng tao na naging daan upang hindi mahinto ang edukasyon sa bansa (Sun. Star Pampanga, 2020). Dahil dito, gumawa ng hakbang ang Departamento ng Edukasyon (DepEd) at ng Commission on Higher Education (CHED) na ipagpatuloy ang edukasyon sa kabila ng banta ng Covid-19 sa buong mundo na kung saan isinaalang-alang ang iba't ibang *platform* sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral matugunan lamang ang pangangailangan sa edukasyon [1].

Sa isinagawang pag-aaral, minarapat ng mananaliksik na sipatin ang kalagayan sa pagtuturo partikular na sa asignaturang Filipino sa panahon ng pandemya. Sabi pa nga nina Lilienfeld, Lynn, Namy, at Woolf, naiaangkop ang isipan ng bawat tao sa kalagayan na kaniyang naranasan upang maipagpatuloy ang buhay [2]. Kaya naman, masasabing hindi hadlang o sagabal ang pandemyang naranasan kung malalim ang kagustuhan na

maipagpatuloy ang edukasyon sa bansa. Samantala, sina Wallace, Ross, Davies, at Anderson ay naniniwalang ang pag-iisip, katawan ng tao, at ang mundo ay parehong sumasabay sa anumang pagbabago sa pagtuturo at pagkatuto ng bawat indibiduwal [3]. Kaya naman, sa pagsusumikap ng pamahalaan na ituloy ang edukasyon, iba-ibang *platform* sa pagtuturo at pagkatuto ang ginagamit sa kasalukuyan.

Kalagayan ng Wikang Filipino sa Panahon ng Pandemya

Simula nang manalasa ang Covid-19 sa buong mundo, labis na naapektuhan ang kalagayan ng Wikang Filipino sa iba't ibang antas ng pagtuturo at pagkatuto. Sa pag-aaral ni Labramonte, napag-alaman niyang hindi sumasang-ayon ang mga guro sa Filipino na *modular learning* ang paraan ng pagtuturo ang gamitin sa mga mag-aaral dahil hindi sapat na nabibigyang-tuon ang paggamit ng Wikang Filipino sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral [4]. Dagdag pa, hindi nakatulong ang pamamahagi ng modyul sa kanilang mga mag-aaral para magamit ang Filipino sa pagtuturo at pagkatuto dahil nahihirapan ang mga guro na unawain ang pagkatuto ng kanilang mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Napatunayan pa sa kaniyang pag-aaral na nalulungkot at nababahala ang mga guro sa mga pampublikong paaralan para sa pagkatuto ng kanilang mga mag-aaral dahil naniniwala sila na mas lalo pang bumababa ang pagkatuto ng kanilang mga mag-aaral sanhi ng walang pagtuturong nagaganap sa kanilang mga mag-aaral. Patunay pa ng kaniyang pag-aaral, hindi nagagamit ang wikang Filipino sa maayos at makabuluhang paraan kahit pa sa iilang mga mag-aaral na may kakayahan sa *online class*.

Samantala, napatotohanan ni Populi ang pag-aaral ni Labramonte na bagaman at may malayang akademiko ang lahat ng guro sa panahon ng pandemya, nararamdaman pa rin nila ang walang hustisyang naibibigay na kaalaman sa kanilang mga mag-aaral. Isa na rito ang pagbibigay ng modyul sa mga mag-aaral kung saan, walang harapang pagtuturong nagaganap na dahilan nang walang kabuluhang tugon ng halos lahat ng mga mag-aaral sa mga gawaing nakapaloob sa modyul [5]. Kadalasan pa sa mga ito ay walang laman na ibinabalik o ipinapasang mga gawain sa mga guro. Dagdag pa, lalong bumababa ang kalidad ng kakayahan ng mga mag-aaral na gamitin ang wikang Filipino kahit na

mayr isang porsiyento sa kanilang mag-aaral na naka-*online class*.

Kung gayon, ang pagtuturo ng mga guro ay maluwa sa panahon ng pandemya subalit kailangang isaalang-alang din ng guro ang paggamit ng wikang Filipino upang masanay at mahasa rin ang mga mag-aaral sa paggamit ng Pambansang Wika na isinaalang-alang din nina Labramonte at Populi.

Kalagayan ng Pagtuturo ng mga Guro sa Filipino sa Panahon ng Pandemya

Pinaniniwalaan sa larangan ng edukasyon na ang mga guro ang pinakaapektado sa pagtuturo na may napakalaking kontribusyon sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sila rin ang pumupuno ng mga karunungan na dapat makamtan ng bawat mag-aaral. Nabanggit sa pag-aaral nina Buenaflor at Manarang ang karanasan ng mga guro sa pagtuturo sa panahon ng pandemya kung saan halos lahat sa kanila ay nahihirapan sa pagtuturo na dahilan upang ang mga ito ay hindi magkandaugaga sa kung paano nila mas lalong maibibigay ang karunungan na dapat matamo ng kanilang mag-aaral [6]. Natuklasan sa kanilang pag-aaral na naibahagi ng kanilang mga kalahok na guro ang mga naging karanasan ng kanilang mga mag-aaral kaugnay sa pagtuturo ng mga guro. Gaya na lamang ng ilan sa kanilang mga mag-aaral ay humihiling ng *synchronous* na pagtuturo kung kaya nagkakaroon sila ng *online class* na pagtuturo. Nabanggit ng mga gurong kalahok na malayong-malayo ang mga mag-aaral sa panahon ng pandemya dahil hindi nila alintana na napakahalaga pa rin na gamitin nila ang Filipino sa pagtalakay lalo na kung sila ay sumasagot sa tanong ng kanilang guro sa asignaturang Filipino lalo pa at nagsasagawa ng talakayan sa klase.

Binigyang-linaw naman ni Ypon (2020) ang pagtuturo ng mga guro ay kailangang bigyang-pokus para sa ikatatagumpay ng layunin ng edukasyon na *student centered*, dahil ang mga mag-aaral ang pangunahing pakay ng edukasyon [7]. Pahabol pa niya, labis ang panghihina ng loob ng mga guro na kaniyang nakapanayam kaugnay sa kanilang kalagayang pampagtuturo, bagaman pinapayagan nila ang kanilang mga mag-aaral na gamitin ang unang wika sa pagtalakay ng paksa at pagsagot sa mga tanong, nag-aalala rin ang mga guro na masanay ang kanilang mga mag-aaral sa ganitong paraan at kung magkaroon na ng *face to face* na pagkatuto ay mahihirapan ang mga guro na ituwid ito.

Samakatuwid, kailangang bigyan ng tuon ang pagtuturo ng mga guro kasabay ang pagtuturo sa

paggamit ng wikang Filipino upang masanay ang mga mag-aaral sa pagkakataon na maging normal na ang pagtuturo at pagkatuto na sinuportahan naman nina Buenaflor, Manarang, at Ypon.

Kalagayan ng Pagkatuto ng mga mag-aaral sa Panahon ng Pandemya

Sinasabing walang pagkatuto kung walang pagtuturo. Tinutukoy sa pag-aaral na ito ang kalagayan ng pagkatuto ng mga mag-aaral kung saan may mahalagang tungkuling ginagampanan ang mga guro sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Nabanggit nina Buenaflor at Manarang ang tungkol sa karanasan ng mga mag-aaral sa pagkatuto kung saan mariing sinabi ng mga mag-aaral na kanilang nakapanayam na hindi nila lubusang natututuhan ang asignaturang Filipino dahil hindi sapat ang *modular distance learning* na ipinapatupad ng DepEd sa kani-kanilang mga paaralan. Batid nina Buenaflor at Manarang ang hirap na nararanasan ng mga mag-aaral sa pagkatuto sa panahon ng pandemya [6].

Sabi nga ni Ypon, hindi maaasahan ang lubusang pagkatuto ng mga mag-aaral sa panahon ng pandemya [7]. Marami sa mga mag-aaral ang nakasalamuha niya na talagang nahihirapan na maunawaan o maintindihan ang lahat ng leksiyon na mayroon sila ngayong pandemya partikular na sa asignaturang Filipino. Dagdag pa niya, halos nagkakapareho ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa usaping pagkatuto sa panahon ng pandemya. Bagaman pilit na nagsusumikap ang mga guro na mapataas ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral, nariyan pa rin ang suliranin ng bawat mag-aaral sa kakulangan ng pagkakataong may mapagtanungan sila sa mga karunungan na dapat nilang matutuhan na tanging ang kanilang mga guro lamang ang makapagbibigay. Paliwanag pa ni Ypon, nariyan ang iba't ibang teknolohiya na maaaring pagkuhanan ng sapat na impormasyon, subalit sa karanasan ng mga mag-aaral, mahalaga pa rin na may gabay ng mga guro na nararapat para sa pagkatuto ng bawat mag-aaral [7]. Dagdag pa niya, iba pa rin kung may direktang pagkatuto mula sa mga guro para matutuhan ng bawat mag-aaral ang mga aralin na kailangan nilang matutuhan.

Implikasyon ng Pagtuturo at Pagkatuto sa panahon ng Pandemya gamit ang Wikang Filipino

Masasabing lahat ng bagay ay mahalaga at may kapalit o katapat na responsibilidad. Naging bukambibig simula noong 2020 ang *online class* na naging isa sa mga pangunahing *platform* sa pagtuturo-pagkatuto na walang pisikal na *face to face* na nagaganap. Ayon pa kina Jayaratne at Moore, ang

implikasyon sa pagtuturo at pagkatuto ay nakabatay sa nakasanayang gawain sa pagtuturo at pagkatuto sa *platform* na *online class* na ibinibigay ng guro sa kaniyang mga mag-aaral at sa pagiging komportable ng mga mag-aaral na magagawa nila ang ipinapagawa sa kanila ng mga guro [8].

Nilinaw naman ni Cercone ang implikasyon ng pagkatuto at pagtuturo sa *online class* na maituturing ng mananaliksik na may malaking kaugnayan ang kanyang natuklasan sa kasalukuyang pag-aaral [9]. Ayon sa kaniya, ang implikasyon sa pagtuturo at pagkatuto ay kailangang nakabatay sa pangangailangan ng mga mag-aaral para matuto. Kung gayon, sa naturang pag-aaral, maaaring bigyang kalayaan ang bawat mag-aaral kung saan sila komportable upang matuto ng mga paksang tinatalakay.

Napatunayan sa nabanggit ng mga mananaliksik ang pagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral ayon sa kanilang pangangailangan sa pagkatuto kung saan ang guro ay makabubuting gumawa ng paraan para mapagaan at mapadali ang pagtuturo sa klase. Sa puntong ito, maaaring hindi sapilitang pagamitin sa purong Filipino ang mga mag-aaral sa tuwing magkakaroon ng talakayan sa klase sa panahon ng pandemya dahil sa kanilang kalagayan na maaaring makaapekto sa pagtuturo at pagkatuto.

Sa puntong ito, sinabi ni Anderson na ang tao ay madaling makapag-isip ng kung ano-anong bagay para siya ay makabangon sa panahon na siya ay nahaharap sa iba-ibang hamon [3]. Tulad ng kalagayan sa pagtuturo at pagkatuto, mahirap man ang kalagayan ng edukasyon, ang bawat indibiduwal ay pilit na igagapang ang sarili para lamang makamtan ang kaniyang ninanais.

Dadag pa ni Bell-Gredler, kumikilos ang bawat indibiduwal batay sa kaniyang pakikipag-ugnayan sa kapaligiran, sa sariling pag-uugali kung saan ay naiimpluwensiyahan at natututuhan niya ang panlabas na pag-uugali kaysa sa panloob na pag-uugali [10]. Samakatuwid, ano man ang paraan ng pagtuturo ng guro ay pilit na ibabagay ng mag-aaral ang kaniyang pagkatuto sa kung ano ang mayroon. Patunay pa nina Baron at Byrne kung ang guro ay makatao, madali niyang mauunawaan ang kalagayan ng bawat mag-aaral na dahilan para ang mga ito ay makapag-isip at makagawa ng mga bagay-bagay na alam niyang makatutulong sa kaniyang pagkatuto [11]. Kung gayon, napakahalaga sa guro na maunawaan niya ang kalagayan ng kaniyang mga mag-aaral upang ang mga

ito ay makagawa ng naayon sa kanilang likas na kakayahan.

Sa ganitong paraan, ang mga mag-aaral ay lumilikha ng kanilang sariling pagkatuto batay sa kanilang dating karanasan. Ibinabatay ng mga mag-aaral ang itinuturo sa kanila at idinagdag ito sa kanilang kaalaman at karanasan, kung kaya, lumilikha ito ng isang katotohanan na natatangi sa kanila. Tinutulungan din ng guro ang mga mag-aaral na lumikha ng kanilang sariling paraan at reyalidad batay sa kanilang karanasan. Ito ay mahalaga para matulungan ang bawat mag-aaral na may magkakaibang karanasan [12].

Kung gayon, nakatuon ang mga nabanggit na ideya na natututo ang mga mag-aaral kapag bumubuo sila ng mga koneksiyon. Maaaring ang koneksiyon na ito sa bawat isa o koneksiyon sa kanilang mga tungkulin at obligasyon bilang mag-aaral. Ang mga libangan, layunin, at bawat indibidwal na mag-aaral ay maaaring may koneksiyon na nakaiimpluwensya sa pagkatuto [3].

Kaya naman, masasabing ang kalagayan ng asignaturang Filipino, kalagayan sa pagtuturo ng mga guro, kalagayan sa pagkatuto ng mga mag-aaral, at ang implikasyon ng pagtuturo at pagkatuto sa asignaturaang Filipino ay nakabatay sa kakayahan ng guro na mag-isip at unawain ang karanasan ng kaniyang mga mag-aaral at sa pagkatuto naman ng mga mag-aaral ay ang kanilang kakayahan na makabuo ng iba-ibang paraan upang matugunan ang kanilang pangangailangan na matutuhan ang asignaturang Filipino.

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa kalagayan ng wikang Filipino sa Senior High School (SHS) sa pagtuturo at pagkatuto ng asignaturang Filipino. Layunin sa isinagawang pag-aaral ang sumusunod: 1. Ano ang kalagayan ng wikang Filipino sa panahon ng pandemya? 2. Ano ang kalagayan ng pagtuturo ng mga guro sa Filipino sa panahon ng pandemya? 3. Ano ang kalagayan ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino sa panahon ng pandemya? At, 4. Ano ang implikasyon ng pagtuturo at pagkatuto sa panahon ng pandemya gamit ang wikang Filipino?

MGA KAGAMITAN AT PAMAMARAAN

Instrumentong Ginamit

Tanging ang mananaliksik mismo ang nagbigay ng mga katanungan kaugnay sa layunin ng isinagawang pananaliksik. Gamit ang Gabay sa

Pagtatanong, naihanay mabuti ang mga itinanong sa mga kalahok na guro at mag-aaral. Dahil sa tulong ng mga gurong may karanasan na sa pagtuturo ng limang (5) taon pataas, nabalida at natukoy ang kapaniwaalan ng mga tanong.

Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit ang kuwalitatibong disenyo ng pananaliksik sa pamamagitan ng dulong penominolohikal kung saan binigyang-pokus ang pinakakaraniwang kalagayan ng asignaturang Filipino, kalagayan at implikasyon sa pagtuturo at pagkatuto gamit ang wikang Filipino sa mga kalahok na guro at mag-aaral na nasa SHS. Ayon pa kay Valdez, ang disenyong ito ay mainam upang siyasatin ang layunin ng pag-aaral sa malalimang pagtukoy ng mga karanasan ng bawat kalahok hinggil sa kalagayan ng asignaturang Filipino sa panahon ng pandemya, kalagayan at implikasyon sa pagtuturo at pagkatuto ng Filipino sa panahon ng pandemya gamit ang wikang Filipino [13]. Sinang-ayunan naman ito ni Smith sa pagbanggit na ang penominolohikal ni Husserl bilang agham ng kakanyahan sa kamalayan na nangangahulugang ang bawat tao ay mas nakaaalam sa mga pangyayari batay sa kaniyang karanasan [14].

Sa pag-aaral na ito, nakatulong nang malaki ang kuwalitatibong disenyo gamit ang dulong penominolohikal dahil sa pagkakaroon nang malinaw na paglalarawan ng mga karanasan ng mga guro at mag-aaral na kalahok kaugnay sa kalagayan ng asignaturang Filipino sa panahon ng pandemya, kalagayan sa pagtuturo at pagkatuto ng Filipino sa panahon ng pandemya maging ang implikasyon nito, gamit ang wikang Filipino sa mga pampublikong paaralan ng Departamento ng Edukasyon.

Lokal ng Pananaliksik

Binigyang-tuon sa pag-aaral na ito ang mga guro na nagtuturo at mga mag-aaral na nasa malalaking pampublikong paaralan ng probinsiya ng Leyte at Samar na may SHS. Bagaman modyular ang pagkatuto ng mga mag-aaral, sinikap ng mananaliksik na piliin lamang ang mga gurong kalahok na nagsasagawa rin ng *online class* kung saan maliit lamang na bahagdan sa kabuoan ng kanilang mga mag-aaral ang kasali rito.

Mga Kalahok ng Pag-aaral

Napagpasiyahan ng mananaliksik na ang mga guro at mag-aaral sa SHS ang kalahok sa isinagawang pag-aaral at nagsasagawa ng *online class*. Dahil sa

napakalimitado lamang ang pagtukoy sa mga kalahok, sinikap pa rin ng mananaliksik na tukuyin ang mga karapat-dapat na kalahok kung saan nakapagbigay nang malinaw at detalyadong paglalahad ng kanilang mga karanasan kaugnay sa kalagayan ng asignaturang Filipino sa panahon ng pandemya, kalagayan sa pagtuturo at pagkatuto ng Filipino sa panahon ng pandemya at implikasyon nito gamit ang wikang Filipino. Dahil dito, *purposive sampling* ang ginamit na teknik sa pagpili ng mga kalahok kung saan tanging sampu (10) lamang na mga guro at labing-anim (16) na mga mag-aaral ang naging kalahok sapagkat sila lamang ang mga gurong tumugon sa paanyaya ng mananaliksik at may maliit na bilang ng mga mag-aaral ana nag-o-online class/. Sila rin ang nakapagbigay ng mga inaasahang tugon at nakasunod sa mga proseso ng pagkalap ng impormasyon.

Konsiderasyong Etikal

Isinaalang-alang sa pananaliksik na ito ang konsiderasyon etikal sa paniniwala ng mananaliksik na mapangalagaan ang pribadong katayuan ng mga kalahok. Sa pamamagitan ng liham na nagbigay kabatiran sa mga kalahok na kabilang at napili sila bilang isa sa mga kalahok, nilakipan ang naturang liham ng *consent letter* kung saan nakapaloob ang mga kosiderasyon sa pagkuha ng impormasyon mula sa kanila. Dahil ang mga guro ay nasa hustong gulang gayundin ang mga mag-aaral na kalahok, direktang ibinigay sa kanila ang mga naturang liham.

Paraan ng Pangangalap ng Datos

Sa pamamagitan ng mga *platform* na *Facebook*, *messenger*, *e-mail*, at *Google Meet* ay nakalap ang mga datos mula mismo sa mga kalahok. *Facebook* ang unang naging hakbang para makakalap ng mga guro sa mga pampublikong paaralan. Pagkatapos ang pakikipag-uganayan sa mga guro, tinukoy naman ang mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino sa SHS. Sa pakikipag-usap mula sa mga guro, hiniling din sa kanila kung maaaring mapabilang ang kanilang mga mag-aaral na nasa edad na labinwalo pataas. Kasunod naman nito ang paghingi ng kani-kanilang *messenger account* at *email* na naging batayan sa pagpili ng mananaliksik para maging kuwalipikadong mga kalahok. Nang matukoy na ang mga napiling kalahok, isa-sa silang pinadalhan ng Liham Pagpapabatid kalakip ang *consent letter*. Samantala, *Google Meet* naman ang ginamit sa pagsasagawa ng *focus group discussion n*(FGD) kaugnay sa mga inihandang mga katanungan sa mga kalahok.

Paraan sa Pagsusuri ng mga Datos

Sa pagsusuri ng mga nakalap na datos mula sa mga kalahok, mula sa mga naitala ng mananaliksik, sinuri rin ang *recorded video* sa isinagawang FGD at isahang pakikipanayam gamit ang *Google Meet* ay sinundan ng pagtatranskrayb at isa-isang sinuri ang naging karaniwang tema sa pamamagitan ng *thematic analysis*. Sa naturang pagsusuri, natukoy ang magkakahalintulad na tema mula sa mga kalahok na guro gayundin sa mga kalahok na mag-aaral.

RESULTA AT PAGTALAKAY

Kalagayan ng Asignaturang Filipino sa Panahon ng Pandemya

Marami ang nabanggit na karanasan ng mga gurong kalahok kaugnay sa kalagayan ng Filipino sa panahon ng pandemya. Batay sa resulta gamit ang *thematic analysis*, natukoy ang tatlong (3) tema na karaniwan at konsistent sa kanilang mga tugon.

Talahanayan 1. Kalagayan ng Asignaturang Filipino sa Panahon ng Pandemya

| Tugon ng mga Gurong Kalahok | Tema |
|---|---|
| Pinahihintulutan ko ang aking mga mag-aaral na gumamit ng Mother Tongue nila. | |
| Madalas nagsasalita sila ng wikang Waray at pinapayagan ko naman, makasagot lamang sila. | |
| Sa panahon ng pandemya, hinahayaan ko silang gumamit ng Waray sa pagsagot ng mga tanong. | Hindi istriktong paggamit ng wikang Filipino sa klase |
| Mahirap maghigpit ngayon, lalo pa at nasa pandemya tayo ngayon. | |
| Ang totoo, okay lang sa akin na gamitin ang wika nila, kasi, nasasabi nila ang gusto nilang sabihin. | |
| Minsan Filipino, pero madalas Waray ang ginagamit nila at hinahayaan ko na lang. | |
| Bhirang gumamit ang aking mga mag-aaral ng Filipino at hindi ko sila makontrol. | |
| Asa ka pa, kahit anong paalala na sabihin sa kanila na Filipino ang gamitin, Waray pa rin ang gamit nila. | |
| Sinasabihan naman sila na gamitin ang | |

Filipino subalit, hindi maiwasan na nagagamit pa rin nila ang Waray.

Kung maghigpit ka sa paggamit ng Filipino, hindi na sasagot ang mga mag-aaral mo, kaya naman, hinahayaan ko na lang sila na gamitin ang wikang Waray.

Kapag pasalita talaga, pinapayagan kong magsalita ang aking mga mag-aaral ng wikang Waray, dahil ito lamang ang paraan para sumagot sila sa tanong.

Ah, oo naman, pinapayagan ko sila (mag-aaral) na gamitin ang Waray para malawak ang kanilang pagpapaliwanag.

Opo, pumapayag ako kung nagbabahaginan ng mga kaalaaman, siyempre hindi sila kailangang higpitan para makabuo sila ng magandang kaisipan.

Pinapayagan ko silang gamitin ang wikang Waray kung talakayan na, pero hindi sa lahat ng pagkakataon.

Oo, dapat pinapayagan kasi nga MTB-MLE na tayo, di ba? Kaya, sa akin okay lang na gamitin nila ang Waray sa klase.

Nariyan na nagsasalita sila sa Filipino, pero sa katagalan, ginagamit na nila ang Waray. Kahit ganoon, hindi ko na lamang sila pinagbabawalan.

Mahirap kung sisitahin sila palagi na dapat gumamit ng Filipino, kasi napansin ko, wala nang sumasali sa talakayan.

Masaya ang klase kung walang paghihigpit sa wika na gagamitin, kasi kung hindi ko sila payagang magsalita sa kanilang wika, malamang hindi magiging masaya ang klase.

Pinapayagan ko silang (mag-aaral) gamitin ang Waray, basta pantulong lamang ito sa paggamit nila ng Filipino.

Opo, kailangan ko silang payagan, ang mahalaga natututo sila,

Hindi na ang paggamit ng Filipino ang binibigyang-tuon sa ngayon kundi ang makapagpahayag ang mga mag-aaral kahit na bumaba ang halaga nito.

Pinapayagan gamitin ang unang wika sa klase

Bumaba ang halaga sa paggamit

ng Wikang Filipino

Naniniwala ako, bumaba talaga ang halaga ng paggamit ng wikang Filipino sa klase, dahil ito ang mahalaga ngayong panahon ng pandemya.

Mahalaga, natuto ang mga mag-aaral, pero bumaba man ang halaga ng paggamit ng Filipino, tinitiyak ko naman na maibabalik kapag wala na ang pandemya.

Kailangan natin mag-adjust sa panahon ng pandemya, oo nga't lubhang mababa ang halaga ngayon sa paggamit ng Filipino sa klase, nagagamit naman nila ito sa pasulat na paraan.

Siguro, maibabalik naman ang halaga sa paggamit ng Filipino sa klase kung maayos na ang kalagayan ng pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Bilang guro ng Filipino, napapanatili ko ang paggamit ng Filipino, pero sa mga pasulat lamang na paraan, kaya kung pasalita ang pag-uusapan, e, talaga namang mababa ang halaga ng paggamit ng Filipino.

Nakakalungkot, kasi bumaba talaga ang pagpapahalaga ng Filipino sa klase dahil hindi naman maaaring maghigpit kaming guro, basta sa pasulat na paraan ay kailangan Filipino ang gamitin nila.

Tama po kayo, hindi na nga ginagamit nang madalas ang Filipino sa klase ko, kasi kailangan kong marinig mula sa aking mag-aaral kung naiintindihan ba nila ang aming paksang tinatalakay.

Ako nga po madalas hindi ko nagagamit ang Filipino kasi naman, nakatunganga mga mag-aaral ko kung Filipino talaga na buo ang ginagamit ko, kaya nininiwala ako na mababa talaga ang halaga ng Filipino ngayon sa klase dahil sa panahon ng pandemya.

Ginagamit ko ang Filipino, pero ang aking mga mag-aaral ay hindi.

Ang unang nabuong tema sa unang suliranin para sa mga guro ay **hindi istriktong paggamit ng wikang Filipino sa klase**. Bagaman hindi istrikto ang mga guro

sa paggamit ng Filipino sa klase ay tinitiyak nila sa pasulat na paraan ay kailangan gamit ang Filipino. Napatunayan ito nina Lilienfeld, Lynn, Namy, at Woolf, kung saan dapat maiangkop ang kalagayan ng mga mag-aaral sa sitwasyong kanilang nararanasan [2].

Habang sa ikalawa, nabuong tema sa unang suliranin para sa mga guro ay **pinapayagang gamitin ang unang wika sa klase**. Naniniwala ang mga guro na nakapagpapahayag ang mga mag-aaral sa klase kung pahihintulutan silang gumamit ng kanilang unang wika. Nabanggit nga ni Bell-Gredler, mahalagang isaalang-alang ang kalayaan ng mga mag-aaral na magpahayag at gamitin ang kanilang unang wika upang masabi ang gusto nilang sabihin dahil bahagi ito ng kanilang pagkatuto [10].

Samantala, ang ikatlong nabuong tema sa unang suliranin para sa mga guro ay **bumaba ang halaga sa paggamit ng Wikang Filipino**. Iisa ang obserbasyon ng mga gurong kalahok sa pagbibigay-halaga sa target na wika sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, ito ang pagbaba ng halaga sa paggamit ng wikang Filipino sa klase. Tugma ang sinabi nina Baron at Byrne, nagaganap ang pagbabagong interaksyon sa panahon na nasa hindi maayos na kalagayan ang mga mag-aaral [11]. Subalit, kailangan pa rin silang gabayan upang hindi sila masanay pagdating ng *face to face* na kalagayan ng pagtuturo at pagkatuto.

Kalagayan ng Pagtuturo sa Filipino sa Panahon ng Pandemya

Inilahad sa sunod na talahanayan ang kalagayan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa panahon ng pandemya na naging karanasan ng mga guro. Makikita sa talahanayan na may tatlong nabuong tema tungkol sa kalagayan ng pagtuturo ng asignaturang Filipino.

Talahanayan 2. Kalagayan ng Pagtuturo sa Asignaturang Filipino sa Panahon ng Pandemya

| Tugon ng mga Gurong Kalahok | Tema |
|--|--|
| Tinatanggap naman ang sagot nila, kahit Waray ang gamit nila. | |
| Di-baleng sa Waray sabihin ang sagot nila, basta masagot lamang ang aking tanong. | |
| Opo, masagot lamang ang mga tanong ko sa Filipino, kahit Waray ang gamit nila. | Makasagot lamang sa tanong ay sapat na |
| Halos lahat ng mga mag-aaral ko ginagamit ang Waray kapag sumasagot, kaysa naman wala pong maisagot. | |
| Hindi po ako gumagamit nang tuwiran sa Filipino sa klase namin, kasi po, nahihirapan ng mga mag-aaral ko, pero | |

tinatanggap ko rin ang sagot ng mga mag-aaral gamit ang wikang Waray.

Okay lang po, basta nasasagot nila ang tanong ko.

Tanggap ko po naman basta naiintindihan nila ang tinatalakay.

Konti lamang po ang Filipino, hindi po sila sanay, pero nasasagot nila mga tanong ko.

Nahihiya po silang mag-Filipino, kaya, Waray po gamit nila.

Masagot ko lamang ang tanong ko, sapat na kahit Waray gamit nila.

Noong nakaraang taon, 2020, balak ko ibabagsak sila dahil hindi talaga sila nagsasalita sa Filipino, pero, nakapasa nakapasa pa rin sila.

Opo, nakapasa naman po asila kahit hindi sila palasagot sa mga tanong ko, kahit hindi sila marunong mag-Filipino.

Pumapayag naman ako at hindi ko akalain na makakapasa sila sa Filipino, kasi naman maikli lamang mga sagot nila pero hindi Filipino.

Ako nagsasalita ng Filipino kapag nagtatalakay ng mga aralin sa klase. Kaso, marami sa mga mag-aaral ko hindi nagsasalita ng Filipino, kaya

Hinahayaan ko sila, nakapasa pa rin sila sa asignatura namin sa Filipino.

Simula kasi mag-pandemic, hindi ko na nagagamit ang Wikang Filipino sa asignaturang Filipino.

Noong unang semestre nga, akala ko maraming babagsak, kasi wala akong naala na ginamit nila ang Wikang Filipino sa talakayan namin, pero nakapasa rin!

Totoo po, nakapasa sila sa asignaturang Filipino kahit hindi sila marunong mag-Filipino. Ibig kong sabihin, hindi diretso ang kanilang Filipino.

Sabi ni ko kung hini sila gagamit ng Filipino, baka bumaba ang marka nila, pero matataas din naman pala.

Pasado naman, kahit hindi sila madalas gumamit ng Filipino sa aming klase lalo

Nakakapasa kahit hindi nagagamit nang maayos ang Wikang Filipino

na sa oras ng talakayan.

Nakapasa naman kahit papaano. Hindi man mataas ang marka, okay na rin.

Tatlong wika po ang gamit nila sa aming talakayan sa klase sa asignaturang Filipino, Ingles, Waray, at Filipino.

Sa asignaturang Filipino po, madalas magkahalo ang Waray, Ingles, at Filipino ang ginagamit nila sa talakayan sa asignaturang Filipino.

Minsan ayaw kong magsalita sila sa Ingles, pero kung nagsisimula na silang magsalita, hindi ko na po pinapahinto kahit may Ingles na at Waray ang kamilang pagsagot sa tanong ko.

Opo, madalas po talagang nagagamit namin ang tatlong wika sa asignaturang Filipino kapag nagbabahaginan na po kami ng mga ideya.

Hindi po kasi maiwasan, kapag nagsasalita kami ng Filipino, mayroon talagang pagkakaton na nakakagamit ako at sila ng iba pang wika.

Siguro po kung maikli lamang ang sagot nila, nagagamit nila ang Filipino, pero kung mahaba, magkahalo po na iba-ibang wika ang gamit nila.

Kung mahaba po ang sagot nila, Waray, Ingles at Filipino po ang kanilang nagagamit sa pagsagot, dahil iyon po ang kanilang natutuhan.

Filipino po talaga pinapagamit ko sa kanila, kaya lang po, nakakagamit pa rin po sila ng iba pang wika para lamang po masabi nila ang nasa isip nila.

Opo, Filipino po. Kaya lang po, sa ngayon po, hindi na mahalaga kung magaling ka sa Filipino, dahil ang importante po ay may natutuhan sila.

Alam ko po na Filipino dapat na wika ang gagamitin, pero po, online po ngayon, parang hindi ko po kayang magsalita ng direktso sa Filipino.

Ipinakita sa Talahanayan 2 ang kalagayan ng pagtuturo ng asignaturang Filipino sa panahon ng pandemya. Ang unang nabuong tema sa ikalawang suliranin tungkol sa kalagayan ng pagtuturo sa

Magkahalong ginagamit sa Asignaturang Filipino ang Ingles at unang wika

asignaturang Filipino sa panahon ng pandemya ay **makasagot lamang sa tanong ng guro ay sapat na**. Nasa isip ng mga mga guro na kailangang masagot ang mga tanong nila sa kanilang mga mag-aaral bahala na kahit hindi Filipino ang kanilang ginamit. Ang mahalaga maikonek ng mag-aaral ang kanilang pag-iisip sa paksang tinatalakay [3].

Sa ikalawang tema naman para sa ikalawang suliranin pa rin, nabuo ang **nakakapasa kahit hindi nagagamit nang maayos ang wikang Filipino**. Simula noong taong 2020, napag-alaman mula sa mga mga guro na nakapasa ang mga mag-aaral kahit hindi nagamit nang maayos ang Filipino. Sabi nga ni Mandler, kapag napatunayan ng mag-aaral na tama ang kaniyang ginawa, gagawin at gagawin pa rin niya ito [15]. Sa kabila nito, kailangan pa ring maibalik ng mga guro ang kumpiyansa sa pagpapahalaga ng paggamit ng Filipino dahil ito ang target na wika sa asignaturang Filipino.

At, ang ikatlong temang nabuo para sa ikalawang suliranin ay **magkahalong ginagamit sa wikang Filipino ang Ingles at unang wika**. Hindi maiwasan na nagagamit ang Multi-Lingual Education sa talakayan sa asignaturang Filipino dahil sa sitwasyon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa panahon ng pandemya. Isinaalang-alang nina Weinstein at Sumeracki na hindi maiiwasan ang paggamit ng iba-ibang paraan para lamang matuto [16]. Gaya na lamang sa magkahalong paggamit ng Filipino, Ingles at Mother Tongue ay nakatitiyak ang mga guro na may pagkatuto pa ring nagaganap sa klase.

Kalagayan ng Pagkatuto sa Filipino sa Panahon ng Pandemya

Inilahad sa Talahanayan 3 ang kalagayan ng pagkatuto sa asignaturang Filipino sa panahon ng pandemya na mula sa karanasan ng mga mag-aaral na kalahok.

Talahanayan 3. Kalagayan ng Pagkatuto sa Asignaturang Filipino sa Panahon ng Pandemya

| Tugon ng mga Mag-aaral na Kalahok | Tema |
|-----------------------------------|------|
|-----------------------------------|------|

| | |
|--|--|
| Nahihirapan ako sa pag-unawa sa sinasabi ni ma'am. | |
|--|--|

| | |
|---|--|
| Mahirap matuto ngayong panahon ng pandemya. | |
|---|--|

| | |
|---|--------------------------|
| Sobrang hirap matuto ngayon, lalo pa maraming dapat ipasang proyekto. | Nahihirapan sa pagkatuto |
|---|--------------------------|

| | |
|---|--|
| Naisipan kong sumuko dahil mahirap matuto ngayon. | |
|---|--|

| | |
|---|--|
| Okay naman magturo si ma'am, kaso nahihirapan pa rin ako na matuto. | |
|---|--|

Mahirap ang mga *requirements* na hinihingi ng aming mga guro.

Nakakaamay, dahil sa napakahirap matutuhan ang mga aralin.

Mahirap na okay lang. Kasi naipapasa naman ang Filipino.

Mahirap kasi mayroong mga guro na hindi kami maunawaan.

Napakahirap, lalo na kung nagbibigay si sir ng pagsusulit.

Noong una, akala ko madali lamang pero habang tumatagal papahirap nang papahirap.

Sabi ng Nanay ko, magtiis kahit mahirap kasi magkokolehiyo na raw ako.

Madali pero kadalasan napakahirap.

Mahirap kasi nag-a-adjust pa siguro dahil sa pandemyang nararanasan.

Ay grabe po sir, napakahirap po kasi madalas walang *internet connection*.

Magsisikap na lamang mag-aaral kahit mahirap matuto ngayon.

Hindi ko alam kung makakapasa ako ngayon, sabi kasi ni ma'am ibabagsak niya ang hindi natututo.

Bahala na lamang ang Diyos, kung makapasa, ibig sabihin natuto ako.

Aywan ko po sir, natatakot nga ako baka hindi ako makapasa kasi wala naman talaga akong natutuhan.

Sa tingin ko po mayroon akong natutuhan, pero hindi ako sigurado, si ma'am naman ang nagbibigay ng marka sa amin.

Hindi po ako sigurado kung tama ba ang natutuhan ko.

Sana nga po, makapasa ako kahit hindi ko po tiyak na may natutuhan po ako.

Opo, may natutuhan ako pero madalas wala. Basta hindi ko alam.

Marahil po, pero nararamdaman ko kulang pa po ang aking natutuhan.

Minsan mataas ang iskor ko sa pagsusulit pero kadalasan ay mababa. Hindi po ako sigurado.

Hindi po ako sigurado kung tama po ba ang aking natutuhan kay ma'am.

Terror po si ma'am, kaya hindi ako sigurado kung may natutuhan ako sa kanya.

Mayroon mga pagkakataon na nauunawaan ko ang mga aralin pero madalas ay hindi.

Hindi ko po alam, napakagulo ng isip ko tuwing nagkaklase po kami sa Filipino.

Sa Filipino po, hindi po ako sigurado kung may natutuhan po ako.

Opo, pero hindi ko po talaga alam kung tama ang natutuhan ko.

Palaging wala kaming Feedback na natatanggap kay ma'am kung tama kami o hindi.

Mabilis magturo si ma'am kaya hindi lahat nauunawaan ko ang itinuturo niya.

Palagi lamang nagbibigay si ma'am ng mga gawain kaya hindi ko nauunawaan ang Filipino.

Hindi ko po nauunawaan si ma'am tuwing siya ay nagtatalakay.

Wala po akong nauunawaan dahil hindi po maganda ang *internet connection* ko.

Sira kasi ang *cellphone* ko, kaya hindi ko maunawaan si sir.

Kahit maayos ang signal, hindi ko pa rin nauunawaan ang mga tinatalakay.

Akala ko kahit naka-*online* kami sa klase mauunawaan ko pero hindi pala.

Modyul man o *online* hindi ko po talaga nauunawan lalo na ang mga gawain.

Sa ngayon po, hindi ko po talaga nauunawaan ang mga aralin.

Hindi lahat nauunawaan ang itinuturo ng guro

Hindi sigurado ang pagkatuto

Kung madali ang aralin, nauunawaan ko pero kung kumplikado, hindi po talaga.

Siyempre po nauunawaan kung ang mga aralin ay napakadali.

May pagkakataon pong nauunawaan pero po kadalasan ay hindi.

Pinipilit na lamang po kahit hindi nauunawaan, nakakapasa rin naman.

Kahit papaano po nauunawaan ko naman pero hindi lahat.

Kapag nagtatalakay na ng aralin, nagsisimula na wala po talaga akong nauunawaan.

Working student po ako, wala po talaga akong nauunawaan, pinagsasabay ko kasi trabaho ko sa pag-aaral.

Ipinakita sa Talahanayan 3 ang resulta sa pagtukoy ng kalagayan ng pagkatuto sa asignaturang Filipino sa panahon ng pandemya. Batay sa mga naging tugon ng mga mag-aaral na kalahok, nabuo ang mga sumusunod na tema kung saan binigyang-linaw ang ikatlong suliranin ng pag-aaral na ito.

Sinasabing **nahihirapan sa pagkatuto** ang mga mag-aaral sa panahon ng pandemya. Ito ang unang tema na nabuo mula sa ikatlong suliranin ng pag-aaral na ito. Dahil sa kanilang kalagayan bilang mag-aaral ay nasusubok ang kanilang pagpupursige na makalampas sa mga pagsubok na kanilang nararanasan. Nariyan ang paraan kung paano magdala ang guro ng klase gayundin ang sitwasyong kinakaharap ng mga mag-aaral. Sa kabila nito, napatunayan sa nabanggit na literatura na sina Wallace, Ross, Davies, at Anderson, bagaman nahihirapan sa pagkatuto ang mga mag-aaral ay nagagawa pa rin nila na makaahon sa kahirapan ng kanilang pagkatuto para ituloy ang kanilang buhay bilang mag-aaral [3].

Sa ikalawang tema naman ay nabuo ang **hindi sigurado ang pagkatuto**. Batay sa naging tugon ng mga mag-aaral, napag-alaman na sa tuwing sila ay nagkklase, hindi sila sigurado sa kanilang mga natutuhan bunsod na rin ng iba't ibang kadahilanan. Nariyan ang hindi konsistent na kanilang performans sa klase at mga gurong hindi nagbibigay ng tugon o *feedback* kung tama ba o hindi ang naging kasagutan ng mga mag-aaral. Napatunayan ang naturang tema sa paniniwala nina Buenafior at Manarang na mapa-modular man o *online* ang *platform* sa pagkatuto, hindi pa rin garantisado na may natututuhan ang bawat mag-aaral sa panahon ng pandemya [6].

Sa ikatlong nabuong tema naman ng ikatlong suliranin, nabuo ang **hindi lahat nauunawaan ang itinuturo ng guro**. Kung babalikan ang karanasan ng bawat indibiduwal, masasabing may katotohanan ang temang nabuo dahil nagkakaroon ng iba't ibang balakid sa pagkatuto ngayon ang mga mag-aaral dahil sa kalagayan sa buhay at sa paraan ng pagtuturo ng guro. Sabi nga ni Ypon, hindi maaasahan ang lubusang pagkatuto ng mga mag-aaral sa panahon ng pandemya [7]. Marami sa mga mag-aaral ang nakasalamuha niya na talagang nahihirapan na maunawaan o maintindihan ang lahat ng leksiyon na mayroon sila ngayong pandemya partikular na sa asignaturang Filipino.

Napatunayan sa mga temang nabuo ang kalagayan ng pagkatuto sa asignaturang Filipino sa panahon ng pandemya ay nakasalalay sa pagsusumikap ng bawat mag-aaral gayundin ang dedikasyon ng mga guro sa pagtuturo nila sa mga mag-aaral.

Implikasyon ng Pagtuturo at Pagkatuto sa Panahon ng Pandemya Gamit ang Wikang Filipino

Ang ikaapat na suliranin kaugnay sa implikasyon ng pagtuturo at pagkatuto sa panahon ng pandemya gamit ang wikang Filipino ay bibigyang-linaw at paliwanag sa bahaging ito.

Talahanayan 4. Implikasyon ng Pagtuturo at Pagkatuto sa Kalagayan ng Asignaturang Filipino

| Pagtuturo | Pagkatuto | Implikasyon |
|---|--|---|
| Makasagot lamang sa tanong ay sapat na | Nahihirapan sa pagkatuto | Maluwag na paggamit ng ibang wika sa asignaturang Filipino sa talakayan sa pagtuturo ng Asignaturang Filipino |
| Nakakapasa kahit hindi nagagamit nang maayos ang Wikang Filipino | Hindi sigurado ang pagkatuto | Binibigyang kalayaan sa paggamit ng magkahalong wika sa asignaturang Filipino |
| Magkahalong ginagamit sa Wikang Filipino ang Ingles at unang wika | Hindi lahat nauunawaan ang itinuturo ng guro | Masasanay ang mga guro at mag-aaral sa paggamit ng ibang wika sa asignaturang Filipino |

Inilahad sa talahanayan ang implikasyon ng pagtuturo at pagkatuto sa panahon ng pandemya gamit ang wikang Filipino kung saan ay **maluwag na paggamit ng ibang wika sa asignaturang Filipino sa talakayan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino**. Ito ang natuklasang implikasyon batay sa mga nakalap na datos. Ayon sa mga kalahok na guro, hindi nila pinipilit ang kanilang mga mag-aaral na purong Filipino ang gamitin nila sa talakayan dahil iniisip nila ang kalagayan ng mga ito sa panahon ng krisis sa kalusugan habang ang mga mag-aaral ay nagsabing hindi nila magawang gumamit ng purong Filipino sa talakayan sa asignaturang Filipino. Ayon pa kina Jayaratne at Moore, ang implikasyon sa pagtuturo at pagkatuto ay nakabatay sa nakasanayang gawain sa pagtuturo at pagkatuto sa *online class* na ibinibigay ng guro sa kaniyang mga mag-aaral at sa pagiging komportable ng mga mag-aaral kung saan magagawa nila ang ipinapagawa sa kanila ng mga guro [8].

Sa ikalawang implikasyon naman ay nabuo ang **binibigyang kalayaan sa paggamit ng magkahalong wika sa asignaturang Filipino**. Naniniwala ang mga mag-aaral na isa sa mga pangunahing dahilan na pinapayagan sila ng kanilang mga guro na magsalita sa ibang wika ay dahil sa kalagayan nila. Dagdag pa ng mga mag-aaral, sila man ay nababahala na maaaring sila ay masanay pagdating ng *face to face* na ang klase. Nilinaw naman ni Cercone ang implikasyon ng pagkatuto at pagtuturo ay maituturing na may malaking kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral [9]. Ang implikasyon sa pagtuturo at pagkatuto ay kailangang nakabatay ito sa pangangailangan ng mga mag-aaral para matuto.

Samantala, ang huling nabuong implikasyon ay **nasasanay ang mga guro at mag-aaral sa paggamit ng ibang wika sa asignaturang Filipino**. Sabi nga ng mga gurong kalahok, kung hahayaan nila ang kanilang mga mag-aaral na gamitin ang ibang wika sa asignaturang Filipino ay hindi malayong mangyari na kahit sila mismong guro ay makasanayan na rin na gamitin ang ibang wika. Subalit, nanindigan ang mga guro at mag-aaral na kalahok na kung babalik na sa normal na pagtuturo at pagkatuto ay naniniwala silang muling bubuhayin at pahahalagahan ang paggamit ng Pambansang Wika sa asignaturang Filipino. Sabi nga ni Anderson, ang tao ay madaling makapag-isip ng kung ano-anong bagay para siya ay makabangon sa panahon na siya ay nahaharap sa iba-ibang hamon [3].

KONGKLUSYON AND REKOMENDASYON

Batay sa resulta ng pag-aaral, nabuo ang sumusunod na kongklusyon: Sa unang suliranin tungkol sa kalagayan ng asignaturang Filipino sa panahon ng

pandemya ay napag-alaman na hindi istrikto ang paggamit ng wikang Filipino sa klase, pinapayagang gamitin ang unang wika sa klase, at bumaba ang halaga sa paggamit ng wikang Filipino. Sa ikalawang suliranin naman kaugnay sa kalagayan ng pagtuturo sa Filipino, napatunayan na makasagot lamang sa tanong ang mga mag-aaral ay sapat na, nakakapasa kahit hindi nagagamit nang maayos ang wikang Filipino, at magkahalong ginagamit sa asignaturang Filipino ang Ingles at unang wika. Sa ikatlong suliranin naman na kalagayan ng pagkatuto sa Filipino, nahihirapan sa pagkatuto ang mga mag-aaral, hindi sigurado ang pagkatuto ng mga mag-aaral, at hindi lahat nauunawaan ng mga mag-aaral ang itinuturo ng guro. Samantala, sa ikaapat at huling suliranin tungkol sa implikasyon ng pagtuturo at pagkatuto gamit ang wikang Filipino, lumabas na may maluwag na paggamit ng ibang wika sa asignaturang Filipino sa talakayan, binibigyang kalayaan ang mag-aaral sa paggamit ng magkahalong wika sa asignaturang Filipino, at masasanay ang mga guro at mag-aaral sa paggamit ng ibang wika sa asignaturang Filipino.

Batay sa kongklusyon, nabuo naman ang sumusunod na rekomendasyon: Una, sa kabila nang nararanasang pandemya, kailangang mas gamitin ang wikang pambansa sa lahat ng talakayan sa asignaturang Filipino at pahalagahan ito sa lahat ng pagkakataon. Ikalawa, gamitin ang wikang Filipino sa asignaturang Filipino dahil ito ang target na wika. Ikatlo, isaalang-alang ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa anumang paraan ng pagtalakay sa mga aralin sa asignaturang Filipino. At, ikaapat, manatili ang paraan ng pagtuturo at pagkatuto sa asignaturang Filipino kahit nasa panahon pa ito ng pandemya na may pagsasaalang-alang din sa kapakanan ng mga mag-aaral.

SANGGUNIAN

- [1] Magsambol, B. Explainer: Handa na bang magbukas ng klase sa Agosto 24 ang Pilipinas? <https://www.rappler.com/newsbreak/podcasts/video/explainer-is-philippines-ready-opening-classes-august-24-2020>. Retrieved on July 8, 2021.
- [2] Lilienfeld, S.; Lynn, S. J.; Namy, L.; Woolf, N. (2010), *Psychology: A Framework for Everyday Thinking*, Pearson, 24–28, ISBN 978-0-205-65048-4
- [3] Anderson, J. R. (1980). *Cognitive Psychology and its Implications*. San Francisco: W. H. Freeman.
- [4] Labramonte, L. Kalagayan ng edukasyon sa panahon ng pandemya sa danas ng mga guro. Dinailathalang tesis. Poleteknikong Unibersidad ng Pilipinas. <https://www.academia.edu/45420676/KALAGAY>

- ANNG_EDUKASYON_SA_PANAHON_NG_PANDEMYA_SA_DANAS_NG_MGA_GURO. Retrieved on August 18, 2021.
- [5] Populi V. Ang guro sa bagong normal. from <https://medium.com/vox-populi-ph/ang-guro-sa-bagong-normal-c06e6d5e0591>.
- [6] Buenaflores, S.L.M. at Manarang, T. Titser Na, Online Seller Pa!: Kuwento't Karanasan ng Buhay Guro-Online Seller sa Panahon ng Pandemya. Pahina 3(2). <https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/conferences/research-congressproceedings/2021/WCFE-01.pdf>. Retrieved on September 21, 2021.
- [7] Ypon, J.P. Lawak ng pagkatuto ng mag-aaral kaugnay sa paggamit ng differentiated instruksiyon. Unibersidad ng Foundation. https://www.researchgate.net/publication/348176383_Lawak_ng_Pagkatuto_ngMagaaral_Kaugnay_saPaggamit_ng_Differentiated_Instruksiyon. Retrieved on August 21, 2021.
- [8] Jayaratne, J.S.U at Moore, G. Perception of college students towards online classes: Implications for teaching online. *AACE Review (formerly AACE Journal)*, 16(2), 137-159. Waynesville, NC USA: Association for the Advancement of Computing in Education (AACE). <https://www.jstor.org/stable/90021479>. Retrieved on October 15, 2021.
- [9] Cercone, K. Characteristics of Adult Learners with Implications for Online Learning Design. *AACE Review (formerly AACE Journal)*, 16(2), 137-159. Waynesville, NC USA: Association for the Advancement of Computing in Education (AACE). <https://www.learntechlib.org/primary/p/24286/>.
- [10] Bell-Gredler, M. E. (1986). Learning and Instruction: Theory into Practice. New York: Macmillan.
- [11] Baron, R. A. and Byrne, D. (1987). Social Psychology: Understanding Human Interaction. 8th ed. Newton, MA: Allyn and Bacon.
- [12] Bartlett, F. C. (1958). Thinking: An Experimental and Social Study. London: Allen and Unwin.
- [13] Valdez, J.M. January 17, 2019, Ano nga ba ang disenyo ng pananaliksik? February 24, 2021. <https://joanamaevaldez.blogspot.com/2019/01/disenyo-at-pamamaraan-ng-pananaliksik.html>
- [14] Smith, D.W. December 16, 2016, Phenomenology, <https://plato.stanford.edu/entries/phenomenology/> Weinstein, Y., & Sumeracki, M. A. (2019). Understanding How We Learn: A Visual Guide. London, UK: David Fulton, Routledge.
- [15] Mandler, G. (2002). Origins of the cognitive evolution. *Journal of the History of the Behavioral Sciences*, 38,339-353
- [16] Weinstein, Y., & Sumeracki, M. A. (2019). Understanding How We Learn: A Visual Guide. London, UK: David Fulton, Routledge.

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).